YES TO RESPONSIBLE JOURNALISM & VALUES FORMATION


# ZT EXPRESS NEWS

CURRENT EVENTS AND PUBLIC AFFAIRS

www.ztexpressnews.com

VOL. 1 NO.3 MARCH 8-14, 2010 P 10.00




## Bb. Pilipinas 2010 Best Bets

P6

No. 13 Gwendoline Ruais For Miss World 2010 · No. 10 Maria Venus Raj For Miss Universe 2010 · No. 18 Helen Nicolette Henson For Miss International 2010



# Reynaldo A. Carpio Self Made Man

P2



## Manny Villar No.1 sa puso ng tao

P2





ACCEPTING ADS THRU TELEPHONE NO. 490.6810

# DR. REYNALDO A. CARPIO
# Self Made Man
## *President*, Grand Monaco Real Estate Developers Inc.



Ang inyong mababasa ay tungkol sa buhay ng isang normal na tao na nagsikap upang matupad ang kanyang mga mithiin sa buhay. Ikaw ba ay nangarap magkaroon ng sariling bahay at lupa? Naisip mo na ba na kapag yumaman ka magkakaroon ka din nito, noon at niyan? Dito nagsimula ang kwento ng pakikipagsapalaran sa buhay ni Dr. Reynaldo A. Carpio na katulad natin, may simpleng pangarap na kapag dinagdagan ng Sipag, Tiyaga at Diskarte o STD tiyak makakamtan din natin ang ating mga minimithi sa buhay.

Kahit siya ay isang batang scholar, nagtatrabaho pa rin siya bilang gasoline boy (working student). Di siya natakot mangarap at hindi siya tumigil upang marating niya ang rurok ng tagumpay. Ngayon, isa na siyang ganap na milyonaryo at malapit na maging bilyonaryo.

Paano niya to ginawa? Mahahalintulad si Dr. Carpio kay Manny Villar at aminado sya na idolo niya ang presidentiable na ito. Pinag-aral niya ang sarili at kumuha ng doctorate degree sa ibang bansa at dun niya nakita ang inspirasyon para siya ay maging matagumpay sa buhay. Nabuo ang pangarap niya at ipinanganak ang Grand Monaco Real Estate Developers Inc.

Unang mapapansin ang ganda ng mga Bahay ni Dr. Carpio. Galing pa sa iba't ibang bansa ang istilo at disenyo na aakalain mong mayaman lang ang makakabili ngunit pag nalaman mo ang presyo mabibigla ka dahil meron pa palang nagtitinda ng bahay at lupa na ganon kamura nag halaga.

Tiyak na ligtas, maganda, at higit sa lahat ay mura. Hangarin ni Dr. Rey Carpio an ipamahagi sa "working class" ang pangarap na magkaroon ng bahay at disenteng buhay. Tumutulong din siya sa mga overseas filipino workers (OFWs) at ang kanyang Grand Monaco Real Estate Developers Inc. ay isa sa mga real estate developers na nag-aalok ng easy payment scheme gamit ang remittances nag mga OFWs.

Nang tanungin namin si Dr. Carpio kung ano ang sikreto ng kanyang tagumpay, napaka simple lang ng sagot ng aming idolo, "Kung nagtatrabaho ka ng walong (8) oras, normal lang yan pero kung nagtatrabaho ka ng karagdagang walong (8) oras pa, kasama ka sa mga taong magiging matagumpay" Sabi nga niya, wala pa ring tatalo sa STD.

Isang matino at matalinong tao ang di nakakalimot sa kanyang pinanggalingan. Dr Reynaldo A. Carpio, sana marami pang Pilipino ang mahawaan mo ng STD (Sipag, Tiyaga at Diskarte) upang tulad mo, sila ay maging matagumpay as buhay. Para as amin, ikaw ay isa sa makabagong bayani. Mabuhay ka at asahan mong ikaw ay magsilbing inspirasyon as aming lahat. Muli, Maraming Salamat!

***(Rocky T. Opiña)***

**ZT EXPRESS NEWS**
March 8 - 14, 2010